

27 Setyembre, 2026

Ika-Dalawamput Anim na Linggo sa Karaniwang Panahon (Taon A)

Ez 18:25–28; Fil 2:1–11 (o 2:1–5); Mateo 21:28–32

PANIMULA

Minsan, nagbigay ang isang guro sa kanyang mga estudyante ng isang papel na may maliit na itim na tuldok sa gitna at hiniling sa kanila na ilarawan ang kanilang nakita. Halos lahat ng estudyante ay nagsalita tungkol sa itim na tuldok. Walang nagbanggit sa malawak na puting espasyo sa palibot nito. Ngumiti ang guro at sinabi: “Ganyan natin madalas tinitingnan ang buhay. Nakatuon tayo sa mga kabiguan at nakakalimutan ang mas malawak na espasyo ng biyaya at posibilidad.”

Sa Ebanghelyo ngayon, kinakausap ni Hesus ang tungkol sa dalawang anak na lalaki: ang isa ay unang nagsabing “hindi” ngunit nagbago ng isip; at ang isa naman ay nagsabing “oo” ngunit hindi kailanman sumunod. Ipinaaalala sa atin ng Panginoon na ang higit na mahalaga ay hindi lamang kung ano ang sinasabi natin, kundi ang direksyon kung saan gumagalaw ang ating puso. Hindi tayo binibigyan ng Diyos ng katapusan. Patuloy Niya tayong tinatawag mula sa “hindi” patungo sa “oo,” mula sa kasakiman patungo sa pagmamahal, mula sa kayabangan patungo sa kapakumbabaan.

Si San Pablo, sa ikalawang pagbasa, itinuturo tayo kay Kristo mismo, na ang buong buhay ay naging isang tapat na “oo” sa Ama. Nagpakababa si Hesus sa kapakumbabaan at pagsunod, hanggang sa kamatayan sa krus. Inaanyayahan tayo na taglayin ang parehong isip at puso ni Kristo.

Habang sinisimulan natin ang Eukaristiyang ito, kilalanin natin ang mga sandaling hindi tugma ang ating mga salita at gawa, nang tumanggi tayo sa panawagan ng Diyos, o naantala ang ating pagtugon sa Kanyang biyaya. Hilingin natin sa Panginoon na baguhin ang ating mga nag-aalinlangang puso tungo sa mapagbigay at tapat na mga alagad.

HOMILIYA: “Mula sa Hindi Tungo sa Oo: Pamumuhay sa Isipan ni Kristo”

Minsang tumugtog ang isang batang estudyante ng biyolin sa isang programa sa paaralan. Masama ang kanyang tugtog. Nagkamali ang mga tunog, hindi pantay ang ritmo, at sa kalagitnaan ay gusto na niyang huminto. Nang matapos na siya, hiya at halos maluha, tumingin siya sa sahig. Ngunit narinig niya ang palakpakan. Nang tumingala siya, isa lamang tao ang nakita niyang nakatayo at masigasig na pumapalakpak — ang kanyang guro. Kalaunan, sinabi sa kanya ng guro, “Wala ka pa doon, ngunit alam ko kung ano ang maaari mong maging.”

Ganyan tayo tinitingnan ng Diyos. Nakikita ng Diyos hindi lamang kung nasaan tayo ngayon, kundi kung ano ang maaari nating maging. Hindi Niya tayo sinusuko dahil sa masamang simula, mahinang pagtugon, o kahit paulit-ulit na kabiguan. Patuloy Niya tayong tinatawag tungo sa taong dapat nating maging.

Ang Ebanghelyo ngayon ay tungkol mismo sa paglalakbay na iyon — mula sa “hindi” tungo sa “oo.” Ikinuwento ni Hesus ang simpleng kuwento ng dalawang anak na lalaki. Sinabi ng ama sa unang anak, “Pumunta ka at magtrabaho sa ubasan.” Tuwirang sumagot ang anak, “Ayaw ko.” Ngunit nang maglaon, nagbago ang kanyang isip at pumunta siya. Ang ikalawang

anak naman ay magalang na sumagot, “Opo, ginoo,” ngunit hindi naman kailanman pumunta.

Sa huli, tinanong ni Hesus: “Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng ama?” Malinaw ang sagot. Hindi ang may magagandang salita, kundi ang siyang ang gawa sa huli ay tumugma sa nais ng ama.

May matandang kasabihan: “Ang gawa ay higit na malakas kaysa salita.” Alam natin kung gaano iyon katotoo. May nangangako na tutulong sa atin ngunit hindi kailanman dumating. May tao namang tila bastos o nag-aalinlangan sa una, ngunit sa huli ay dumarating para sa atin kapag talagang kailangan natin sila.

Ginulat ni Hesus ang kanyang mga tagapakinig sa pag-aangkop ng talinghagang ito sa mga pinuno ng relihiyon. Sinabi niya sa mga punong pari at matatanda na ang mga maniningil ng buwis at mga patutoo ay papasok sa kaharian ng Diyos nang mas maaga kaysa sa kanila. Bakit? Sapagkat ang mga makasalanang minsang nagsabing “hindi” sa Diyos ay nagbabago na ng kanilang puso, samantalang ang mga pinuno ng relihiyon ay patuloy na nagsasabi ng “oo” sa kanilang mga labi ngunit “hindi” naman sa kanilang buhay.

Kung hindi ito nasa Ebanghelyo, maaaring isipin nating masyadong matindi ang mga salitang ito. Isipin na sabihin sa piling relihiyoso ng lipunan: “Ang mga makasalanang ay papasok sa langit nang mas maaga kaysa sa inyo.” Ngunit iyan mismo ang sinabi ni Hesus.

Ang Ebanghelyo ay isang salamin na inilalagay sa harap natin. Marahil hindi tayo mga maniningil ng buwis o patutoo, ngunit

gaano kadalas tayo nagsasabi ng “oo” sa Diyos sa panlabas habang tumatanggi naman tayo sa Kanya sa loob?

Sa isang kasal, tinatanong ang lalaking ikakasal at babaeng ikakasal: “Handa ba kayong tanggapin ang responsibilidad sa Simbahan at sa mundo?” Sumasagot sila, “Opo.” Ngunit minsan, ang “oo” na iyon ay nananatiling salita lamang.

Sa binyag, tinatanong ang mga magulang: “Handa ba kayong palakihin ang inyong anak sa pagsasabuhay ng pananampalataya?” Muli, sumasagot sila, “Opo.” Gayunpaman, madalas dahan-dahang nawawala ang pananampalataya sa buhay-pamilya.

Alam nating lahat ang puwang na maaaring umiral sa pagitan ng salita at gawa.

Ngunit ang Ebanghelyo ay hindi nilalayong pahinain ang ating loob. Ito ay nilalayong magbigay ng pag-asa. Sinasabi sa atin ni Hesus na ang masamang simula ay hindi kailangang maging katapusan. Kaya ng Diyos na mabuhay kasama ang ating unang “hindi,” basta ito ay unti-unting nagiging tapat na “oo.”

Isa sa pinakamagandang linya sa Ebanghelyo ngayon ay ang pagbabago ng isip ng unang anak. Iyan ang puso ng pagbabalik-loob. Ang salitang Griyego na ginamit sa Ebanghelyo ay nagpapahiwatig ng panloob na pagbabago ng puso, isang muling pag-iisip, isang pagbabalik.

Marami sa atin ang nakaranas na rin nito. Tumatanggi tayo sa una sa isang kahilingan dahil sa tila hindi ito angkop o mahirap. Kalaunan ay pinag-iisipan natin ito at napagtatanto na ang unang reaksiyon natin ay hindi sumasalamain sa pinakamabuting bahagi natin.

Minsang dinalaw ng isang pari ang isang pamilya bago ang binyag ng kanilang anak. Sa paghahanda, hayagang ipinahayag ng ama, “Hindi ako pupunta sa binyag. Iniwan ko na ang Simbahan mula pa noon, at hindi ko masasabing tapat na palalakin ko ang aking anak sa pananampalataya.” Umiiyak na naupo ang kanyang asawa.

Dumating ang araw ng binyag. Kaagad matapos magsimula ang seremonya, dahan-dahang binuksan ang pintuan ng simbahan. Pumasok ang ama at umupo sa tabi ng kanyang asawa. Nang tanungin ng pari ang mga magulang, “Handa ba kayong palakihin ang inyong anak sa pananampalataya?” matatag na sumagot ang lalaki, “Opo.”

Pagkatapos ng seremonya, muling umiyak ang asawa — ngunit ngayon ay sa saya. Ganap na bumalik ang lalaki sa Simbahan. Sinabi niya, “Napagtanto kong ayaw kong maging mapagkunwari sa harap ng aking anak.”

Iyan ang kagalakan ng pagbabalik-loob. Nagagalak ang langit tuwing ang isang “hindi” ay nagiging “oo.”

Ipinaaalala sa atin ng mga pagbasa ngayon na matiyaga ang Diyos. Hindi Siya kailanman tumitigil sa pagkatok sa pintuan ng puso ng tao. Si San Agustin ay gumugol ng maraming taon sa pagtakas mula sa Diyos bago sa wakas ay nanalangin, “Huli akong umibig sa Iyo, O Kagandahang laging matanda ngunit laging bago.” Marahas na sumalungat si San Pablo kay Kristo bago naging kanyang pinakadakilang apostol. Tatlong ulit itinatwa ni Pedro si Hesus bago naging bato ng Simbahan.

Hindi kailanman tinutukoy ng Diyos ang ating pagkatao batay sa ating pinakamasamang sandali.

Sa ikalawang pagbasa, ibinibigay sa atin ni San Pablo ang pinakamalalim na halimbawa. Sinasabi niya tungkol kay Hesukristo mismo: “Bagaman siya’y anyong Diyos, hindi niya inari na dapat panghawakan ang pagkakapantay sa Diyos, kundi nagpakawala siya ng sarili.”

Sinasabi sa atin ni Pablo kung ano ang hitsura ng pamumuhay-Kristiyano sa gawa. Ang Kristiyanismo ay hindi lamang tungkol sa relihiyosong salita o panlabas na pagsasagawa. Ito ay tungkol sa pagtataglay ng “kaisipang taglay rin ni Kristo Hesus.”

Ano ang isipan ni Kristo?

Ito ay kapakumbabaan. Ito ay pagsunod. Ito ay pagmamahal na naghahandog ng sarili. Ito ay pagsasabing “oo” sa Ama kahit ang “oo” na iyon ay nagdala ng pagdurusa at ng Krus.

Si Hesus ang tunay na Anak sa liturhiya ngayon — ang Anak na ang buong buhay ay ganap na “oo” sa kalooban ng Ama.

Inilagay ng Sulat sa mga Hebreo ang mga salitang ito sa kanyang bibig: “Naparito ako upang gawin ang Iyong kalooban.” Kahit sa Getsemani, nanginginig sa hrap, nanatiling tapat si Hesus: “Huwag ang aking kalooban, kundi ang sa Iyo ang mangyari.”

Bumaling naman si Pablo sa atin at nagsabi: “Magkaroon kayo ng iisang pag-iisip, tulad ng kay Kristo Hesus.” Sa madaling salita: Matutong mamuhay tulad Niya.

Kaakit-akit iyon marinig — ngunit mahirap din.

Paano tayo nagiging katulad pa ni Kristo?

Ang sagot ay: unti-unti, kadalasa’y masakit, sa pamamagitan ng karaniwang mga pangyayari sa buhay.

Minsang nagdasal nang taimtim ang isang pari para sa kapakumbabaan. Di-nagtagal, natagpuan niya ang kanyang sarili na napapaligiran ng mga taong walang-tigil na pumupuna sa kanya. Labis siyang naghirap at nagreklamo sa Diyos. Ngunit isang araw, napagtanto niya: “Ganito sinasagot ng Diyos ang aking dalangin. Paano pa ba ako matututong magpakumbaba kundi sa pamamagitan ng pagpapakababa?”

Minsan, humihiling tayo ng pasensya, at nagpapadala ang Diyos ng mahihirap na tao. Minsan, humihiling tayo ng habag, at nagpapadala ang Diyos ng mga taong nagdurusa sa ating landas. Minsan, humihiling tayo ng pananampalataya, at pinapayagan ng Diyos ang panahon ng kadiliman.

Dahan-dahan tayong hinuhubog ng Diyos tungo sa kawangis ni Kristo.

May pariralang madalas nating ginagamit: “Tao lang tayo.” Minsan, ginagamit natin ito upang bigyang-katwiran ang katamaran, kasakiman, kawalang-pasensya, o kakulangan ng pangako.

“Oo, tao lang tayo.” Ngunit may mas dakila pang sinasabi ang Ebanghelyo: Tinawag tayong maging katulad ni Kristo. Iyan ang ating bokasyon.

Nagtitiwala ang Diyos na kaya nating umibig gaya ng pagmamahal ni Hesus. Nagtitiwala ang Diyos na kaya nating magpatawad gaya ng pagpapatawad ni Hesus. Nagtitiwala ang Diyos na kaya nating maglingkod sa iba gaya ng paglilingkod ni Hesus. Nagtitiwala ang Diyos na kaya nating bumangon muli matapos mabigo.

Minsang lumayo nang husto sa pananampalataya ang isang binata. Huminto siyang pumunta sa simbahan at wala siyang interes sa kumpisal. Noong Kuwaresma, halos pinilit siya ng kanyang ina na pumunta sa kumpisal sa isang matandang paring parokya. Nag-aatubili siyang pumunta.

Sa kumpisalan, sa unang pagkakataon, ibinuhos niya ang lahat ng kanyang pag-aalinlangan, inis, at galit tungkol sa Simbahan at pananampalataya. Matiyaga, mabait, at may pagmamahal na nakinig ang matandang pari. Walang paghatol, tanging pang-unawa at patnubay lamang.

Nang umuwi ang binata, nagliliwanag ang kanyang mukha. Sinabi niya sa kanyang ina, “Alam mo, ang pagtrato sa akin ng paring iyon — ganyan siguro tinrato ni Hesus ang mga tao.”

Iyan ang layunin ng buhay-Kristiyano: na kapag tiningnan tayo ng iba, masasabi nila, “Ganyan sana kikilos si Hesus.”

Hindi hinihiling ng Panginoon ang kaganapan sa isang iglap. Hinihiling lamang Niya na patuloy tayong gumagalaw mula sa “hindi” tungo sa “oo,” mula sa pagkasakim tungo sa pagmamahal, mula sa kayabangan tungo sa kapakumbabaan, mula sa walang-lamang salita tungo sa tapat na gawa.

At marahil, iyan ang dahilan kung bakit ibinibigay sa atin ng Simbahan ang Ebanghelyong ito ngayon — hindi upang hatulan tayo, kundi upang patunayan sa atin na hindi pa huli ang lahat.

Habang may hininga pa tayo, may panahon pa upang magbago. May panahon pa upang magsimulang muli. May panahon pa upang sabihing “oo.”

Tapusin ko sa isa pang kuwento. Minsang naghahapay ang isang iskultor sa malaking bloke ng marmol. Tinanong siya ng

isang nanonood, “Paano mo nalalaman ang iyong ginagawa?” Sumagot ang iskultor, “Nakikita ko na ang pigurang nakatago sa loob. Ang aking gawain ay tanggalin lamang ang lahat ng hindi kabilang doon.” Iyan ang ginagawa ng Diyos sa atin.

Nakikita na Niya ang larawan ni Kristo na nakatago sa loob natin. Sa pamamagitan ng saya at pagdurusa, sa pamamagitan ng kabiguan at biyaya, sa pamamagitan ng pagsisisi at panibagong-buhay, matiyaga Niyang tinatanggal ang lahat ng hindi kabilang.

Isang araw, sa Kanyang biyaya, masasabi ng iba habang tumitingin sa atin: “Kaya ganito ang mamuhay, magsalita, magpatawad, at magmahal ang taong ito — ganyan din sana namuhay si Kristo.” Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**

- **Perth, Australia**